



IMPORMASYON MULA SA NAGANO PREFECTURE

International Relations Division
Citizens and Cultural Affairs
Nagano Prefecture
T E L : 026-235-7132
Email : tabunka@pref.nagano.lg.jp

Pabatid

Nagano Prefecture Medical Care Interpreting Call Center, nag-umpisa na!

Nag-umpisa na ang call center para sa medical care interpreting sa loob ng Nagano Prefecture para sa mga dayuhang residente pati ng mga turistang dayuhan na bumibisita sa prepektura. Magagamit ang serbisyo sa panahon ng check-up at pagtanggap ng resatang gamot sa pamilya.



0 9 2 - 2 8 6 - 7 4 4 8



Wikang Magagamit

English, Chinese, Korean, Thai, Tagalog,
Portuguese, Vietnamese, atbp. 22 na Wika

Bayad

Walang Bayad (0円)
※Call Charge:
Sariling bayad

Para sa Detalye



Oras na Available

24 oras
(anumang oras)



Reserbasyon

Di kailangan

(Iba pang mapapakinabangang Multi-language Tools)

Medical Information Net (NABII)

Makakapag-hanap ng ospital sa iba't ibang wika



Sulatan muna ang Medical Questionnaire bago pumunta sa ospital

Magiging maayos ang pagpapa-check-up



Konsultasyon

Libreng Konsultasyon

Ang isinasagawang libreng konsultasyon ng Nagano Ken Tabunka Kyosei Sodan Center ay para sa mga dayuhang residente.

Munisipalidad	Petsa	Oras	Lugar
Komoro	Oktubre 4(Biyernes)	10am-3pm	Komoro Shi, Shimin Koryu Center
Ina	Oktubre 7(Lunes)	10 am-3pm	Ina Shiyakusho
Nakano	Oktubre 25(Biyernes)	10 am-3pm	Nakano Shi, Jinken Center
Saku	Nobyembre 6(Miyerkules)	10 am-3pm	Saku City Hall

※Ang petsa at lugar ay posibleng magbago. Kumpirmahin sa homepage ng Nagano Ken Tabunka Kyosei Sodan Center.

Libre
(0円)



I-enjoy natin ang Tag-lagas!

Ang autumn season (taglagas) ay tinatawag na "season of art" at "season of appetite". Napakaraming nakaka-alihwag na bagay sa taglagas tulad ng kultura at pagkaing malalalahan lamang sa panahong ito.

カルチャードットナガノ
CULTURE . NAGANO

Makikita ang schedule ng Arts and Culture Events



Oishii Shinshu Food Net

Ipinapakilala ang food culture at iba pang masasarap na pagkain ng Nagano.



O-tsukimi

Moon gazing

Ini-enjoy ang pinakamagandang full moon sa loob ng isang taon habang kumakain ng danggo o dumpling

Ganito isulat sa Japanese character (Kanji) ang: kastanyas, mansanas, at ubas.



葡萄

Mag-ingat sa bagyo !

Nagkakaroon ng maraming bagyo hanggang sa mga buwan ng Oktubre. Napakaraming ilog sa loob ng prepektura kaya mapanganib kapag umapaw ang tubig mula rito at kapag dumaloy ang nagraragasang putik mula sa bundok patungo sa mga ilog. Maghanda nang sapat sa posibleng maging panganib kapag nagkaroon ng pagbaha.

Check① Huwag ilagay sa labas ang mga gamit na madaling ilipad

Check② Maghanda ng tubig at pagkain na pang-emergency

Check③ Huwag lumapit sa mga ilog at bundok

Check④ Alamin at kumpirmahin ang evacuation center

Check⑤ Kumpirmahin sa hazard map ang posibleng pinsala sa lugar ng tirahan

Check⑥ Gumawa ng sariling timeline sa paghahanda bago dumating ang sakuna (Mag-step-up!)



Disaster Prevention App

Makikita rito ang hazard map



Japan Meteorological Agency Homepage

Makikita rito ang Weather Bulletin/Forecast



"My timeline" Multi-language Version (14 na wika)

Gabay sa paggawa ng sariling timeline sa paghahanda para sa paglikas



Ang Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. (Walang bayad)

☎ 026-219-3068 / 080-4454-1899 ホームページ : <https://www.naganoken-tabunka-center.jp/>

